

Mangyaring makipag-ugnayan sa amin para sa aming mga libreng klinikang pang-legal o seminar, nangangailangan ng sangguniang panglegal, o tulong sa pagtatalo sa trabaho.

Asyano-Amerikanong Depensang Pang-legal at Pondong Pang-edukasyon—American Legal Defense and Education Fund (AALDEF)

99 Hudson Street, 12th Fl  
New York, NY 10013  
1-800-966-5946  
212-966-5932  
212-966-4303 (fax)

info@aaldef.org  
www.aaldef.org

Itinatag noong 1974, ang Asyano-Amerikanong Depensang Pang-legal at Pondong Pang-edukasyon (American Legal Defense and Education Fund (AALDEF) ay isang pambansang organisasyon na nagtatanggol at nagtataguyod ng mga karapatang sibil para sa mga Asyano-Amerikano. Sa pamamagitan ng litigasyon, pagtatanggol, edukasyon at pag-aayos, nagtrabaho ang AALDEF kasama ang mga komunidad ng mga Asyano-Amerikano sa buong bansa para makamitan ang karapatang pantao para sa lahat.

Ang AALDEF ay itinataguyod at pinangangalagaan ang karapatang sibil ng mga Asyano- Amerikano sa mga usapin tulad ng:

- Karapatan ng imigrante,
- Pakikilahok sa mga isyung pang-sibil at karapatan sa pagboto,
- Katarungang pang ekonomiya para sa manggagawa,
- Tulong sa sariling wika para sa mga serbisyo,.
- Patakarang pangcensus,
- Patakarang pang-ekwalidad (Affirmative action),
- Karapatan ng kabataan at patakarang pang-edukasyon, at
- Ang pagtanggap ang karahasang ukol sa mga Asyano, maling asal ng kapulisan, at pag-alila ng mga tao (human trafficking).

Ang AALDEF ay tinatanggap ang lahat uri ng tulong para sa mga patuloy na mga gawain nito.



**Ipinagtanggol ang mga karapatang sibil ng mga Asyano-Amerikano mula 1974**

## Pang-legal na Proyekto ng NJ-Asyano-Amerikano



**Asyano- Amerikanong Depensang Pang-legal at Pondong Pang-Edukasyon (Asian American Legal Defense and Education Fund**

## Amerikano

Ang Pang-Legal na Proyekto ng New Jersey Asyano-Amerikano (New Jersey Asian American Legal Project [NJ-AALP]) ay isang inisyatibo ng Asyano-Amerikanong Depensang Pang-legal at Pondong Pang-edukasyon (American Legal Defense and Education Fund (AALDEF) upang matugunan ang mga pangangailangang panglegal at mga karapatang pang-sibil ng lumalaking komunidad ng mga Asyano-Amerikano sa New Jersey.

Bagamat may halos 700,000 Asyano-Amerikanong nakatira sa New Jersey, limitado ang tulong para malampasan ang mga hadlang ng kultura at wika para makakuha ng serbisyong panglegal.

Maraming mga Asyano-Amerikano ang hindi nakakukuha ng legal na tulong dahil sa hindi sila nakapagsasalita ng Ingles ng mabuti o napapaharap sa mga kultural na balakid na nagpapahina ng kanilang loob sa pagkuha ng tulong. Bukod dito, maraming Asyano-Amerikano ay hindi alam ang kanilang mga karapatang legal at responsibilidad sa ilalim ng batas ng U.S. At ang mga hindi nakaalam ay madalas na hindi nagagamit ang kanilang mga karapatan dahil sa takot na maka-apekto sa kanilang estado sa imigrasyon, kanilang trabaho, o kanilang mga pamilya. Ang mga manggagawa na walang papel ay lalong naapektuhan dahil sa sadya o hindi tuwirang banta ng kanilang pinagtatrabahuhan na isusumbong sila sa mga kinaukulan kung sila ay nagreklamo tungkol sa mga paglabag sa lugar ng trabaho. Kaunti lamang ang mga matatagpuan ng mga Asyano-Amerikano para matulungan ang kanilang panglegal na pangangailangan.

Ang Nj-AALP ay naglalayong matugunan ang kakulangan sa mga legal na serbisyo sa pamamagitan ng pagkaloob ng edukasyon sa komunidad at nagiging daan bilang tulay sa legal na sistema.

## **KARAPATAN NG MGA MANGGAGAWA**

Ikaw ay pinangangalagaan ng halos lahat ng batas sa **pagtatrabaho** – kahit ano pa man ang iyong **estado sa imigrasyon**.

Ikaw ay dapat na binabayaran ng hindi mababa sa NJ minimum na pasahod na **\$7.25/oras**.

Kung ikaw ay nagtatrabaho ng **higit sa 40 oras** sa alinmang linggo, ikaw ay nararapat sa **1.5 oras** ng iyong regular na pasahod.

Illegal para sa isang nagpapatrabaho na magkaroon ng diskriminasyon laban sa sinuman dahil lang na ang taong iyon ay Asyano, babae, o dahil sa kanilang relihiyon o pinagmulang nasyon.

## **UNEMPLOYMENT INSURANCE (INSURANCE PAG NAWALAN NG TRABAHO)**

Halos lahat ng manggagawa ay protektado ng **NJ's Unemployment benefits program**, na nagsisilbi na insurance para sa pagsuporta ng mga manggagawa na nawalan ng trabaho at kasalukuyang naghanap ng trabaho.

Para makakuha ng unemployment benefits, ikaw ay dapat nagtrabaho ng (1) **kahit 20 “base weeks” lamang**, kung saan ikaw ay kumita ng mahigit sa \$143 tuwing linggo O KAYA'Y (2) kumita ng minimum na **\$7300** sa isang **52-week** “base year” na period.

Ang bilang ng benefits na iyong matatanggap ay mga **60 percent ng iyong average wage o sweldo** sa trabaho mo. Sa 2010, ikaw ay maaaring tumanggap ng hanggang **\$600** tuwing linggo sa benefits.

Ang pagtaggap ng benefits ay depende rin sa **dahilan ng pag-alis mo sa trabaho**. Halimbawa, malamang na ikaw ay makakuha ng benefits kung ikaw ay tinanggal sa trabaho, pero HINDI kung ikaw ay nag-resign ng walang rasong pang-trabaho o kaya'y tinanggal dahil sa iyong krimen sa trabaho.

## **Libreng Klinikang Legal**

Kami ay nag-aalok ng buwanang libreng klinikang legal, nagbibigay ng **libreng legal na pagpapayo** sa mga **usapin sa trabaho o imigrasyon**.

## **Edukasyon sa Komunidad**

Kami ay nagsasagawa ng **pagsasanay sa edukasyon** at **“Alamin ang Iyong mga Karapatan”** na **pagsasanay** para mabigyang kaalaman at edukasyon ang mga Asyano-Amerikano hinggil sa kanilang mga pangunahing legal na karapatan.

## **Pagsangguning Legal**

Kami ay nagbibigay at nag-aayos ng **legal na pagsasangguni** sa mga lokal na abogado at tagabigay ng serbisyong legal na maaaring makipag-usap sa iyo gamit ang iyong sariling lengguwahe.

## **Legal na Representasyon**

Kami ay nagkaloob ng **legal na representasyon** para sa mga **habulin sa trabaho** tulad ng **hindi nabayarang sahod/habulin sa oras**, at mga **mapanganib na kalagayan** sa mga mababang-sahod na Asyano-Amerikanong manggagawa.

## **Pag-oorganisa sa Komunidad**

Kami ay tutulong sa iyo at sa iyong kasamahan sa trabaho upang **lumaban sa iyong pinagtatrabahuhan** upang makuha ang anumang sahod na para sa iyo, at mapabuti ang **kalagayan sa iyong trabaho**.

## **Ang Patakarang Pagtutulong ng NJ**

Tutulungan naming kayong **magsalta para sa mas nararapat na batas na pang-state at mga patakarang panglokal**, gaya ng mas magaling na tulong pangwika at opisang gobyerno. Itong pagtulong ay maaaring magresulta sa mas magaling na impormasyon at serbisyo para sa komunidad ng mga Asyano-Amerikano.